# “Paglalayag nang may Direksyon”: Isang Pagpapahalaga sa Aklat na *Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan*

**Mark Joseph SANTOS**
De La Salle University
Philippine Women's University
mark.joseph.santos@dlsu.edu.ph
https://orcid.org/0000-0003-0729-5895

## ABSTRAK

“Paglalayag ng may direksyon.” Sa ganitong paraan inilarawan ni Adonis Elumbre ang Araling Kabanwahan, na taliwas sa isang uri ng “internasyunalisasyon” na pagpapatianod lamang sa mga agos at daluyong ng globalisasyon. Gamit ang metaporang ito ni Elumbre ng paglalakbay sa dagat, ang kasalukuyang panunuring-aklat sa antolohiyang Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan (nina Mary Dorothy Jose, Atoy Navarro, at Jerome Ong) ay hahatiin natin sa tatlong bahagi ng paglalakbay: 1. Pagpalaot, 2. Paglalayag, at 3. Pagdaong. Sa bahagi ng Pagpalaot, ipopook natin nang mabilisan ang aklat sa konteksto ng mga kilusang Pilipinisasyon, na siyang kinapapalooban ng Araling Kabanwahan. Sa Paglalayag, tataluntunin natin ang pitong saysay ng aklat para sa higit na paglago ng Araling Kabanwahan bilang isang eskwelang pangkaisipan. Magwawakas ang paglalakbay sa Pagdaong, na naglalaman ng panapos na talata ukol sa panawagan na ipagpatuloy ang paglilimbag ng ganitong mga akda, at pagsasaad ng pangarap na maging institusyunalisado ang Araling Kabanwahan sa kurikulum ng Araling Pang-erya sa Unibersidad ng Pilipinas Maynila.

***Mga Susing Salita***: *Araling Kabanwahan; Araling Pang-erya; Pantayong Pananaw; Pilipinisasyon; Unibersidad ng Pilipinas Maynila*

Santos, Mark Joseph. “Paglalayag nang may Direksyon”: Isang Pagpapahalaga sa Aklat na Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan”
*TALA* 8:2 (December 2025), pp. 95-108.

## Pagpalaot

Isa sa pinakamemorableng pahayag ni Prospero Covar ang mga sumusunod na linya:

> Noong una, lubos ang aking paniwala na ang akademikong disiplina ay nagdudulot ng linaw sa ating kultura. Subalit sa aking pagmumuni-muni, natanto ko na inaakit tayo ng akademikong disiplinang ating kinabibilangan na mag-ambag sa teorya, metodo at laman ng mga disiplina at hindi upang ilantad ang F/Pilipinong kaisipan, kultura at lipunan. Ang kaisipan, kultura at lipunan sa konteksto ng mga disiplina ay panggatong lamang sa kapakanan at pagpapayabong ng disiplina ngunit hindi ang pagpapayabong ng F/Pilipinong kaisipan, kultura at lipunan. Sa Pilipinolohiya, ang mga akademikong disiplina ay siyang kasangkapan upang mapalaya ang F/Pilipinong kaisipan, kultura at lipunan at hindi ang kabaligtaran nito.[1]

Ang konsepto ng saysay para sa Pilipinas ang isa sa pinakasentral na isyung kinaharap ng mga proyektong intelektuwal noong Dekada Sitenta na tinatagurian natin sa kasalukuyan bilang mga kilusang Pilipinisasyon. Gumapang ang mga kilusang ito sa iba't ibang disiplina tulad ng kasaysayan, sikolohiya, antropolohiya, pilosopiya, teolohiya, at panitikan, at kalaunan ay mayroon ding ilang pagtatangkang isagawa ito sa agham pampulitika, pampublikong administrasyon at sosyolohiya.[2] Bagaman magkakaiba ng pinagmumulang disiplina, pare-pareho ang mga pantas na nakapaloob dito sa pagtatangkang gawing makabuluhan ang kani-kanilang larangan para sa lipunan at kulturang Pilipino.

Ilang taon matapos ang pagsisimula ng mga kilusang ito, iniluwal sa konteksto ng Pantayong Pananaw ang Araling Kabanwahan, bilang isang anyo ng Pilipinisasyon sa interdisiplinaryong larangan ng *Area Studies.* Pinasimulan ni Zeus Salazar, pinangungunahan sa kasalukuyan nina Atoy Navarro at Adonis Elumbre ang pagtataguyod sa proyektong ito. Nakatuon

[1] Prospero R. Covar, Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture (Maynila: Sampaguita Press, 1998), 30.

[2] Para sa pangkalahatang talakayan ukol sa mga kilusang Pilipinisasyon, tingnan ang Mary Jane Rodriguez-Tatel, “Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Muhon ng Kilusang Pilipinisasyon sa Akademya: Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, at Pilosopiyang Pilipino,” nasa Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar, mga pat., Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez-Tatel, Vicente Villan (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2015), 140-160; gayundin ang Mary Jane Rodriguez-Tatel, “Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino,” Humanities Diliman Vol. 12, No. 2 (July-December 2015): 110-179.

© 2025 Mark Joseph Santos

ang Araling Kabanwahan sa pag-aaral ng mga kapwa/kaugnay o ibang bayan/kabihasnan, sa loob ng talastasan at wikang Filipino. "Banwa" ang salitang-ugat ng Araling Kabanwahan, na katumbas ng "bayan" sa Tagalog at "ili" sa Ilokano. Banwa ang ginamit na susing termino ng mga tagapagsulong ng Araling Kabanwahan ukol sa pag-aaral ng mga kapwa/kaugnay/ibang kabihasnan, dahil banwa ang salitang Pilipino na may pinakamalawak na distribusyon sa buong mundong Malayo-Polinesyano.

Ang akdang Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan[3] ay ambag ng Unibersidad ng Pilipinas-Maynila (UPM) sa paglago ng tunguhing ito ng Araling Kabanwahan. Pinatnugutan nina Mary Dorothy Jose, Atoy Navarro at Jerome Ong, ang antolohiyang ito ay binubuo ng 4 na artikulo at 2 komentaryo. Ang Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan ay isa sa serye ng tatlong aklat sa wikang Filipino na inilimbag ng UPM, sa pangunguna nina Navarro, Jose, at Ong, sa nakalipas na apat na taon. Ang dalawa pang aklat sa serye na ito ay ang Kulturang Popular na Asyano,[4] at Mga Natatanging Babaeng Bayani ng Kamaynilaan sa Panahon ng Himagsikan.[5]

Ang kasalukuyang rebyu na ito ay bahagyang rebisadong bersyon ng reaksyong aking ibinahagi nang imbitahan ako ni Prop. Navarro na magsilbing reaktor sa onlayn na paglulunsad-aklat ng *Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan*, na naganap noong Marso 10, 2021.

## Paglalayag

Mahalaga ang bagong aklat na ito sa pitong kadahilanan.

Una, mainam itong panimulang babasahin para sa mga magsisimula pa lamang na lumublob sa mga umiiral na literatura ukol sa Araling Kabanwahan. Liban sa pagsasalaysay ukol sa mismong pag-usbong ng Araling Kabanwahan sa konteksto ng kapantasan ni Salazar, ang paglalahad ni Ong ukol sa programa ng Araling Pang-Erya sa UPM, at ang pagsasakasaysayan ni Elumbre sa *Area Studies* ay nagbibigay sa mambabasa ng mas malawak na kontekstong kinapapalooban ng Araling Kabanwahan.

[3] Mary Dorothy dL. Jose, Atoy Navarro, at Jerome Ong, mga pat., Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan (Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila, 2021).

[4] Mary Dorothy dL. Jose, Atoy Navarro, at Jerome Ong, Kulturang Popular na Asyano (Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila, 2023).

[5] Mary Dorothy dL. Jose at Atoy Navarro, Mga Natatanging Babaeng Bayani ng Kamaynilaan sa Panahon ng Himagsikan (Manila: College of Arts and Sciences, University of the Philippines Manila, 2021).

© 2025 Mark Joseph Santos

ISSN 2651-7108

Sa pamamagitan ng pagtalakay sa Araling Kabanwahan katabi ng Araling Pang-Erya, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mambabasang masulyapan ang kaugnayan ng Araling Kabanwahan sa mahabang tradisyon ng Araling Pang-Erya, na ayon nga kay Elumbre ay maiuugat pa sa mga Aleman noong unang dalawang dekada ng ikadalawampung dantaon, bago ang pormal na pagkakatatag nito sa Estados Unidos noong panahon ng *Cold War*. Sa pamamagitan nito ay mas matututo rin ang mga mambabasa ukol sa mga natatanging pagkakakilanlan ng Araling Kabanwahan na iba sa Araling Pang-Erya, yamang ang dalawa ay bunga ng magkaibang kontekstong pangkasaysayan ng Estados Unidos at Pilipinas.

Ikalawa, nagbubukas ito ng mga direksyong maaaring paksain ng Araling Kabanwahan sa hinaharap. Ipinakita halimbawa ni Jose na mabunga ang mga uri ng saliksik na nagsasagawa ng komparatibong pag-aaral na may kinalaman sa Kasaysayang Kababaihan. Liban sa makatutulong ito para sa pagmamapa sa kasaysayan ng papel ng kababaihan, makabubuo ito ng isang uri ng Araling Kabanwahan, partikular na ng Araling Timog Silangang Asya, na mas inklusibo. Pagiging mas inklusibong Araling Kabanwahan din ang tunguhin ng papel ni Navarro. Isang pandaigdigang suliranin sa kasalukuyan ang paglakas ng malayong kanan sa napakaraming bansa. Gamit ang dulog ng Araling Kabanwahan sa paksa ng malayong kanan, ipinamalas ni Navarro na makatutulong sa kapakanan ng mga inaapi (tulad ng mga kababaihan, migrante, minoryang etniko, LGBT, at manggagawa) ang pagkukumpara sa karanasang pulitikal sa pagitan ng mga banwa. Siyempre pa ay marapat itong isagawa gamit ang wikang Filipino, dahil esensyal sa demokratisasyon ang produksyon ng kaalaman sa wikang ginagamit ng nakararaming mga Pilipino.

Ang puntong ito ay maghahatid sa atin sa ikatlong dahilan kung bakit mahalaga ang publikasyong ito. Ang inklusibong lapit nina Jose at Navarro ay nagpapakita na hindi lamang angkop na pangkalinangang pagpopook ang preokupasyon ng Araling Kabanwahan, bagkus ay mahalagang komponente rin nito ang isyu ng katarungang panlipunan. Sa aking palagay ay mahalagang salungguhitan itong huling nabanggit, lalo na dahil nasa panahon tayo ng isang represibong pamahalaan. Matagal nang ibinabato ang akusasyon sa iba’t ibang kilusang Pilipinisasyon tulad ng Pantayong Pananaw, na ang pangkalinangang pagsusuri nito ay maaaring magamit bilang nasyonalistang retorika ng mga pasistang estado. Ayon halimbawa sa mga kritiko ng Pantayong Pananaw tulad ni Lisandro Claudio, ang

© 2025 Mark Joseph Santos

panawagan para sa pagkakaisa sa ngalan ng pagbubuo ng bansa ay maaaring humantong sa pagkabulag sa mga pang-aaping nagaganap mismo sa loob ng bansa sa pagitan ng mga Pilipino, tulad ng pang-aaping pang-uri at pangkasarian.[6] Ang ganitong persepsyon sa Pantayong Pananaw ay lalo pang tumindi noong panahon ng administrasyong Duterte, lalo na dahil sa hayagang pagsuporta sa pangulo ng ilang tagapagtaguyod ng Pantayong Pananaw. Tahasan ang paggamit sa konsepto ng loob, budhi, pusong, at iba pang mga dalumat ng kulturang Pilipino upang ipakita na ang ugali, kilos at mga polisiya ni Duterte ay angkop sa Kapilipinuhan.

Sa ganang ito, napapanahon ang pagbibigay-diin ng kasalukuyang publikasyon sa isyu ng katarungang panlipunan bilang paksa ng Araling Kabanwahan. Ipinapakita nito na taliwas sa puna ng mga kritiko sa mga kilusang Pilipinisasyon, may kapasidad ang mga ito na pagsabayin ang pagsusuring pangkalinangan at pagsusuring panlipunan. Ipinapakita nito na hindi natin kailangang mamili sa pagitan ng diwang malaya mula sa Kanluran para sa pagkakabuo ng bansa, o diwang mapagpalaya sa mga inaaping sektor ng lipunang Pilipino. Para sa Araling Kabanwahan, parehong mahalaga ang pagkakaisang pambansa at mga karapatang sektoral.

Ikaapat, ang pagkakalimbag ng mga komentaryo nina Lawrence Charles Salazar at Julius Cesar Trajano sa antolohiyang ito ay nagpapakita ng paglawak ng proyekto ng Araling Kabanwahan. Sa usapin ng paksa, ang kanilang mga isinulat ay naghahatid ng mga panibagong usapin sa loob ng Araling Kabanwahan, tulad ng diplomasyang kultural at pampublikong kalusugan na sa aking abot-tanaw ay mga paksang hindi pa nasasaliksik ng mga nagdaang publikasyon sa Araling Kabanwahan. Ngunit hindi lamang sa usapin ng paksa makikita ang paglawak ng Araling Kabanwahan. Ang komentaryo nina Salazar at Trajano ay nagpapakita rin na nadaragdagan na ang mga indibiduwal na nagsusulat ukol sa Araling Kabanwahan. Mahalaga ito, lalo na dahil esensyal sa pagpapanatili at pagpapatatag ng anumang eskwela ng kaisipan ang pagdami ng mga akademikong nagsusulat ukol dito.

May mga kritiko ng mga kilusang Pilipinisasyon na nagsasabing ito ay isa nang napaglipasang bagay, isang kilusang tumugon sa pangangailangan ng Dekada Sitenta, ngunit sa kasalukuyan ay hindi na kailangan ng lipunang Pilipino, lalo na sa harap ng globalisasyon. Dagdag pa nila, ang kaunting bilang ng mga akademikong nagsusulong ng Pilipinisasyon ay isang

[6] Lisandro Claudio, "Postcolonial Fissures and the Contingent Nation: An Antinationalist Critique of Philippine Historiography," Philippine Studies 61:1 (2013): 45-75.

© 2025 Mark Joseph Santos

malinaw na ebidensya sa katotohanang ito. Anila, tila tayo isang *echo-chamber*, tayo-tayo lang din ang nagbabasa ng sinulat ng isa't isa, at tayo-tayo lamang din ang sumisipi sa ating mga akda. Sa ganang ito, ang pagdagsa ng mga bagong pangalan sa antolohiyang ito ukol sa Araling Kabanwahan ay maituturing na tagumpay, isang indikasyon na ang kilusang Pilipinisasyon ay hindi isang sarado at maliit na sirkulo ng mga indibiduwal na nahuhumaling sa mga napaglipasang bagay.

May kinalaman sa puntong ito ang ikalimang kahalagahan ng aklat. Taliwas muli sa puna ng mga kritiko na ang mga tagapagsulong ng kilusang Pilipinisasyon ay mga makalumang akademiko na naipit sa napaglipasang diskurso ng Dekada Sitenta,[7] ipinakita ng publikasyong ito na may kakayahan ang Araling Kabanwahan na makipagtalastasan ukol sa mga kontemporaryong isyung kinakaharap ng lipunang Pilipino. Sa sanaysay ni Elumbre, binanggit niya na sinasalamin ng mga akda ng Araling Kabanwahan ang kontekstong panlipunang kinalalagyan ng mga manunulat nito. Halimbawa, noong Dekada Nobenta ay umusbong ang mga pag-aaral ukol sa migrasyon, bilang tugon sa pagdami sa bilang ng mga Overseas Filipino Workers (OFW). Sa unang dekada naman ng ikadalawampu't isang dantaon, sumalamin ang mga akda ng Araling Kabanwahan sa mga napapanahong isyung pambansa, pangrehiyon at pandaigdig. Makikita sa kasalukuyang publikasyon na nagpapatuloy ang ganitong katangian ng Araling Kabanwahan, na lalong masasaksihan sa artikulo ni Navarro at komentaryo ni Trajano. Ano pang paksa ang mas napapanahon kaysa sa isyu ng malayong kanan at pampublikong kalusugan? Ang pagtalakay nina Navarro at Trajano sa mga paksang ito ay testamento na hindi naiipit ang mga kilusang Pilipinisasyon, tulad ng Araling Kabanwahan, sa nakalipas na diskurso ng Dekada Sitenta.

Liban sa akusasyon ng pagiging napaglipasan at potensyal na kasangkapan sa pang-aapi, isa pang madalas na lumilitaw na kritisismo sa Pantayong Pananaw ay eksklusibismo. Anila, nagsusulong ito ng dikotomiya ng loob at labas, kung saan ang labas ay ineetsapuwera habang ang loob lamang ang binibigyang-prayoridad. Nakakabit din dito ang natibismo, ang tendensyang

[7] Para sa pagbubuod sa mga nabanggit na kritisismo at iba pang puna sa Pilipinisasyon, partikular na sa Pantayong Pananaw, tingnan ang bahaging "Mga Kritika sa Pantayong Pananaw" na nasa Mark Joseph P. Santos, "Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakasaysayan, 1951-2019," TALA Vol. 2, No. 2 (December 2019): 77-85.

© 2025 Mark Joseph Santos

ISSN 2651-7108

romantisahin ang loob/katutubo, lagi itong ituring na mabuti, habang ang labas/banyaga ay itinuturing na negatibo. Dito naman papasok ang ikaanim na halaga ng aklat. Nabanggit na natin sa kabanata ni Navarro, pinagtuunan niya ng pansin ang saysay ng Araling Kabanwahan sa pagpupunyagi ng mga aping sektor. Pansinin na ang mga tinutukoy niyang aping sektor ay hindi lamang yaong mga nasa loob ng Pilipinas, kundi mga api sa iba't ibang bansa sa labas ng Pilipinas, kung saan din nangingibabaw ang mga pamahalaang impluwensyado ng malayong kanan. Ibig sabihin, bagaman sinesentro ng Araling Kabanwahan ang Pilipino sa diskurso, hindi ito nangangahulugan ng awtomatikong pagbaliwala sa ibang bansa. Saad nga ni Navarro sa kanyang bahagi sa isang teksbuk ukol sa kasaysayang Asyano:

> Sa pagtatanghal sa kapakanan ng mga Pilipino, hindi ito dapat maging kasangkapan upang isantabi ang kapakanan ng iba pang kapwa Asyano. Bukod sa pagiging makabuluhan at makatotohanan, mahalagang maging makatarungan at makatuwiran din ang kasaysayan at kabihasnang Asyano hindi lamang para sa mga Pilipino kundi pati na rin sa iba pang kapwa Asyano.[8]

Sa katunayan, isinusulong ng Araling Kabanwahan ang "makatarungan, at makatwirang ugnayang kabanwahan" na nabanggit ni Navarro sa kanyang kabanata sa aklat na nirerebyu. Ang pagsusulong na ito sa makatarungan at makatwirang ugnayang kabanwahan ay paulit-ulit na nabanggit ni Navarro sa iba't iba niyang akda.[9] Tumutukoy ito sa patas na ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansa. Hindi nais ng Araling Kabanwahan ang dominasyon ng Pilipinas sa ibang bansa. Ang nais lamang nito ay payapang pakikipamuhay (*co-existence*). Kasama sa ganitong payapang pakikipamuhay ang pakikilahok ng Pilipinas at mga Pilipino sa pakikibaka ng mga api sa ibang bansa. Ito ang dahilan kung bakit pinagtuunan ng pansin ni Navarro ang mga kababaihan, migrante, minoryang etniko, LGBT, at manggagawa sa kanyang kabanata. Nangangahulugan din ito na kapag ang Pilipinas naman ang nakakapag-ambag sa pagdurusa ng mga api sa ibang bansa, marapat nang batikusin ng mga tagapagsulong ng Araling Kabanwahan ang sariling bansa.

Sa pamamagitan nito ay naipakita ng aklat na hindi eksklusibista at natibista ang Pantayong Pananaw at ang inanak nitong eskwela ng Araling

[8] Zeus Salazar, et al, Asya: Kasaysayan at Kabihasnan (Quezon City: Abiva Publishing House, Inc., 2010).

[9] Dalawang halimbawa nito: Navarro, "Ambag sa Araling Kabanwahan at Araling Pilipino-Thai: Mga Pananaliksik sa Ugnayang Pilipino-Thai," nasa Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-bayan ng mga Likasyan, Tomo 1: Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya (Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan).

© 2025 Mark Joseph Santos

ISSN 2651-7108

Kabanwahan. Kung isinesentro man ng Araling Kabanwahan ang Pilipino sa diskurso, hindi ito upang maging rasista, kundi upang maiangat lamang ang Pilipinas sa antas na kapantay ng ibang bansa. Lalo na dahil sabi nga ni Elumbre:

> Normatibo sa maraming bansa na isagawa ang kanilang pag-aaral (at kahit pa pakikipag-ugnayan) sa labas ng kanilang bansa sa diwa, talastasan, at kapakinabangan ng sariling bansa.

Hindi ito pagiging makasarili o natibista. Ang pag-una ng Araling Kabanwahan sa Pilipinas ay daan tungo sa “makatarungan at makatwirang ugnayang kabanwahan,” dahil ang ibang bansa ay nag-aaral din ng ibang kabihasnan para sa kanilang kapakanan. Kung habang pinag-aaralan nila tayo para sa kanilang kapakanan ay pag-aaralan natin sila para pa rin sa kanilang kapakanan, mapag-iiwanan ang Pilipinas. Kung hindi isusulong ng Pilipino ang kapakanan ng Pilipinas sa sarili nitong araling pang-erya, walang ibang magtataguyod nito, katulad lamang din ng kung hindi isusulong ng mga Indiano ang kapakanan ng India ay wala ring ibang magtataguyod nito. Sa ganang ito, hindi rasismo at eksklusibidad ang isinusulong ng Araling Kabanwahan kundi payak na pragmatismo at praktikalidad.

Ikapito, nagsisilbing huwaran ang aklat para sa pag-aambag sa tinatawag ni Ramon Guillermo na "nagsasariling talastasan" ng mga Pilipino.[10] Tumutukoy ito sa pag-iral ng isang panloob na komunikasyon sa pagitan ng mga akademiko sa loob ng isang kabihasnan, na nagreresulta sa pagkabuo ng kanilang orihinal na mga tradisyong intelektuwal. Yamang nagtatalastasan sila, mas napapanday nila ang mga ideyang matatawag na "sariling atin." Dalawa sa maaaring indikasyon nito ay ang pagsayt sa akda ng mga sariling kababayan at mga akdang nasa sariling wika. Kapag dumarami ang pagsayt sa sariling kababayan at sariling wika, nagpapakita ito ng pagtaas ng antas ng komunikasyon sa pagitan ng mga intelektuwal sa loob ng isang kabihasnan.

Ang ibang mga kabihasnan ay makikitaan ng ganitong sistema. Nagbigay si Guillermo ng munting halimbawa upang ipamalas ito. Pumili siya ng tatlong ehemplong akda ng isang Aleman, Pranses at Indones ukol kay Karl Marx, na isa sa pinakabinabasang intelektuwal, at nagsagawa siya ng

[10] Ramon Guillermo, “Sariling Atin: Ang Nagsasariling Komunidad na Pangkomunikasyon sa Disiplinang Araling Pilipino,” Social Science Diliman Vol. 12, No. 1 (January-June 2016): 29-47.

© 2025 Mark Joseph Santos

ISSN 2651-7108

pagbibilang sa bibliograpiya ng mga ito kung ilan ang nakasulat sa sarili nilang wika at ilan ang nasa ibang wika. Sa bibliograpiya ng akda ng Aleman na si Iring Fetscher ukol kay Marx, lumitaw na 71% ang orihinal na nasa wikang Aleman, 9% ang salin sa Aleman, at 20% lamang ang nasa ibang wika. Sa akda ng Pranses na Etienne Balibar, 71% din ang orihinal na nasa wikang Pranses, 25% ay salin sa Pranses, at 4% lamang ang nasa ibang wika. Sa isinulat naman ng Indones na si Andi Muaiyah Ramly, 20% ay orihinal na nasa Bahasa, 51% ang nasa Ibang wika, at ang nalalabi ay mga salin sa Bahasa. Ang implikasyon nito siyempre ay bukod sa matatag ang binansagan ni Guillermo na kanilang "integrasyong monolingguwal," ay madalas din silang nagsasayt ng mga inakda ng kanilang mga kababayan.

Hindi naisagawa ni Guillermo ang ganitong pagbibilang sa kaso ng Pilipinas, dahil hindi naman nagsusulat gaano ang mga Pilipino ukol kay Marx na nasa wikang Filipino. Gayunman, madali lang namang malaman na malayo ang ating sitwasyon sa kalagayan ng Alemanya, Pransya, at Indonesya: kumuha ka lamang ng isang *random* na aklat mula sa iyong sariling mga libro sa tahanan na isinulat ng isang Pilipino, tumingin sa bibliograpiya nito at bilangin kung ilan ang nasa Filipino at isinulat ng Pilipino. Malamang sa malamang ay lilitaw ang kakarampot na pagsayt sa mga akda ng kapwa Pilipino at nasa wikang Filipino. Kahit na halimbawa ay nasa iisang larangan at paksa lamang ang sinusulat ng dalawang Pilipinong akademiko, madalas na mas pinipili pa nilang magsayt ng isang banyagang intelektuwal, kahit pa ang isinulat ng kababayan ay 'di hamak na mas may tuwirang aplikasyon sa sariling konteksto kaysa sa akda ng naturang banyaga. Isa ito sa mga dahilan kung bakit hindi tayo madaling nakabubuo sa Pilipinas ng nagsasariling talastasan.

Interesanteng sukatin din ang ganitong antas ng nagsasariling talastasan sa kaso ng aklat na ating nirerebyu. Sa ibaba ay makikita ang payak na pagbibilang ukol sa dami at porsyento ng mga entri sa bibliograpiya ng bawat kabanata na may pagsayt sa wikang Filipino, Ingles, akda ng Pilipino, at akda ng banyaga.

© 2025 Mark Joseph Santos

ISSN 2651-7108

| PAGSUKAT SA ANTAS NG "NAGSASARILING TALASTASAN" NG *ARALING PANG-ERYA AT ARALING KABANWAHAN* SA USAPIN NG WIKA AT NASYUNALIDAD | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | **WIKA** | | **NASYUNALIDAD** | |
| **Kabanata** | **May-akda** | **Bilang ng Kabuuang Batis** | **Bilang at Porsyento ng mga Batis na nasa Filipino** | **Bilang at Porsyento ng mga Batis na nasa Ingles** | **Bilang at Porsyento ng mga Batis na Isinulat ng Pilipino** | **Bilang at Porsyento ng mga Batis na Isinulat ng Banyaga** |
| Introduksyon: Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan sa Panahon ng Globalisasyon | Mary Dorothy Jose, Atoy Navarro, Jerome Ong | 7 | 5 (71%) | 2 (29%) | 7 (100%) | 0 (0%) |
| Ang Programa ng Araling Pang-Erya sa Unibersidad ng Pilipinas Manila: Ang Karanasan ng Departamento ng Agham Panlipunan | Jerome Ong | 81 | 3 (3%) | 78 (96%) | 15* (18%) | 64** (79%) |
| Area Studies at Araling Kabanwahan sa Konteksto ng Agham Panlipunan sa Kontemporanyong Panahon | Adonis Elumbre | 50 | 16*** (32%) | 35 (70%) | 28**** (56%) | 22 (44%) |
| Isang Panimulang Paghahambing sa Kasaysayang Buhay at mga Ambag ng Dalawang Babaeng Manunulat mula sa Timog Silangang Asya na sina M.L. Boonlua Debyasuvarn (1911-1982) at Patricia Melendrez-Cruz (1938-1993) | Mary Dorothy Jose | 24 | 10 (41%) | 14 (58%) | 18 (75%) | 6 (25%) |
| Ang Kahalagahan ng Araling Kabanwahan sa Konteksto ng Globalisasyon at Pandaigdigang Paglakas ng Malayong Kanan | Atoy Navarro | 23 | 6 (26%) | 17 (73%) | 10 (43%) | 13 (56%) |
| Araling Pang-Erya at Diplomasyang Kultural | Lawrence Charles Salazar | 10 | 1 (10%) | 9 (90%) | 5 (50%) | 5 (50%) |
| Teknolohiyang Nukleyar at Prebensyon ng Sakit: Ang Magagawa ng ASEAN | Julius Cesar Trajano | 8 | 0 (0%) | 8 (100%) | 1 (12.5%) | 7 (87.5%) |

* 1 rito ay magkatuwang na isinulat ng Pilipino at banyaga, at 5 ay akda ng mga institusyon sa Pilipinas
** 1 rito ay magkatuwang na isinulat ng Pilipino at banyaga
*** 1 rito ay nakasulat kapwa sa Filipino at Ingles

© 2025 Mark Joseph Santos

ISSN 2651-7108

**** 2 rito ay isinulat ng mga institusyon sa Pilipinas

Makikita sa isinagawang pagbibilang na sa usapin ng wika, mas marami pa rin ang pagsayt sa mga akdang nasa Ingles kaysa Filipino sa lahat ng mga kabanata, liban lamang sa introduksyon. Sa isyu naman ng nasyonalidad, mas marami pa rin ang pagsayt sa mga banyaga kaysa sa Pilipino sa kaso ng kabanata nina Ong, Navarro, at Trajano, habang mas maraming sinayt na akda ng mga Pilipino sina Elumbre at Jose. Ang kay Salazar naman ay may pantay na pagsayt sa mga Pilipino at banyagang akda. Gayunman, mahalagang bigyan ng kwalipikasyon ang numerong ito. Sa larangan ng Araling Kabanwahan, hindi kagaya ng Araling Pilipino, hindi talaga maiiwasan ang magsayt ng mga banyagang akda na nasa banyagang wika yamang ang pinag-aaralan ay banyagang kabihasnan din. Pero dahil ang Araling Kabanwahan ay iba sa *Area Studies*, yamang ang layunin nitong una ay maibalik sa Pilipinas ang kapakinabangan mula sa aral na natutunan sa ibang bansa, nangangailangan din ito mismo ng pagsayt sa mga akdang Pilipino na nasa wikang Filipino. Sa kaso ng mga kabanata ng aklat na ito, bagaman mas marami pa rin ang pagsayt sa Ingles, unti-unti namang humahabol ang bilang ng pagsayt sa Filipino, lalo na sa kaso ng akda nina Elumbre, Jose, Navarro, at ng introduksyon. Kung isasaalang-alang ang reyalidad na mayorya pa rin talaga ng mga akda sa Pilipinas ay nasa Ingles, ang bilang ng pagsayt ng mga nabanggit sa mga nasa Filipinong akda ay marami-rami na rin. Gayundin ang usapin ng pagsayt ng mga inakda ng mga Pilipino, malaki na rin ang bilang ng sinayt nina Elumbre, Jose, Navarro at Salazar, kung ikokonsidera ang katotohanan na mayorya pa rin sa mga aklat sa kasalukuyan ang mas mahilig magsayt ng mga banyaga kaysa Pilipinong akda.

Samakatuwid, sa usaping ito ng pagbuo ng nagsasariling talastasan maaaring maging modelo ang *Araling Pang-erya at Araling Kabanwahan.* Ipinapakita nito na Pilipinas man o banyagang bansa ang pinag-aaralan, mahalaga ang paggamit sa mga ideyang matatagpuan sa akda ng mga kapwa Pilipino na nasa wikang Filipino, upang unti-unti tayong makabuo ng isang intelektuwal na tradisyon na matatawag nating totoong sariling atin.

© 2025 Mark Joseph Santos

ISSN 2651-7108

## Pagdaong

Ang lahat ng pitong saysay na nabanggit ay katibayan sa pagsisikap ng Araling Kabanwahan na patuloy na magkaroon ng saysay sa kontekstong Pilipino. Tulad ng paglalarawan ni Covar sa Pilipinolohiya, ang Araling Kabanwahan ay nagpapanday ng mga pamamaraan, teorya, at pananaw, hindi lamang para sa ikauunlad ng mga akademikong disiplina, kundi para sa kapakinabangan ng Kapilipinuhan, kahit pa sa mga paksa na ukol sa labas ng bansa.

Ang paglilimbag ng akdang ito ay isang indikasyon ng pag-unlad ng Araling Kabanwahan sa UPM, na isang magandang senyales, yamang ang UPM ang isa sa mga pangunahing sentro ng Araling Pang-Erya sa bansa, bilang nag-iisang institusyon na nagbibigay ng ‘di-gradwadong digri sa Araling Pang-Erya. Nawa ay masundan pa ito ng iba pang mga publikasyon ng UPM ukol sa paksa, hanggang sa maging pormal na bahagi na ng kanilang kurikulum ang Araling Kabanwahan bilang isang buong kurso, isang institusyunalisasyon na siguradong lalong makapagpapaunlad sa proyektong ito.

Mainam na tapusin ang pagpapahalagang ito sa aklat sa pamamagitan ng pagsipi sa makapangyarihang metaporang iniwan ni Elumbre sa dulo ng kanyang kabanata:

> Pagpapatunay ang mga ito na posible ang oryentasyong Pilipino kahit na sa inilalakong “internasyonalisasyon,” na tinitingnan ng ilan bilang pagpapatianod lang sa anumang kalakarang internasyonal. Hindi pagpapatangay sa agos kundi paglalayag nang may direksyon ang matutunghayan sa Araling Kabanwahan.[11] ✷

[11] Adonis L. Elumbre, “Area Studies at Araling Kabanwahan sa Konteksto ng Agham Panlipunan at Kontemporanyong Panahon,” nasa Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan, mga pat., Mary Dorothy dL. Jose, Atoy Navarro, and Jerome Ong (Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila, 2021), 86.

© 2025 Mark Joseph Santos

ISSN 2651-7108

## Mga Sanggunian

Claudio, Lisandro. "Postcolonial Fissures and the Contingent Nation: An Antinationalist Critique of Philippine Historiography." *Philippine Studies* Vol. 61, No. 1 (2013): 45-75.

Covar, Prospero R. *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture.* Manila: Sampaguita Press, 1998.

Elumbre, Adonis L. "Area Studies at Araling Kabanwahan sa Konteksto ng Agham Panlipunan at Kontemporanyong Panahon." Nasa *Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan*, mga pat., Mary Dorothy dL. Jose, Atoy Navarro, and Jerome Ong, 62-96. Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila, 2021.

Guillermo, Ramon. "Sariling Atin: Ang Nagsasariling Komunidad na Pangkomunikasyon sa Disiplinang Araling Pilipino." *Social Science Diliman* Vol. 12, No. 1 (January-June 2016): 29-47.

Jose, Mary Dorothy dL., at Atoy Navarro. *Mga Natatanging Babaeng Bayani ng Kamaynilaan sa Panahon ng Himagsikan.* Manila: College of Arts and Sciences, University of the Philippines Manila, 2021.

Jose, Mary Dorothy dL. Atoy Navarro, at Jerome Ong. Mga Pat. *Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan.* Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila, 2021.

Jose, Mary Dorothy dL., Atoy Navarro, at Jerome Ong. Mga Pat. *Kulturang Popular na Asyano.* Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila, 2023.

Navarro, Atoy. "Ambag sa Araling Kabanwahan at Araling Pilipino-Thai: Mga Pananaliksik sa Ugnayang Pilipino-Thai." Nasa *Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangingibang-bayan ng mga Likasyan, Tomo 1: Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya.* Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. "Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Muhon ng Kilusang Pilipinisasyon sa Akademya: Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, at Pilosopiyang Pilipino." Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan*, mga pat., Atoy Navarro, Mary Jane

© 2025 Mark Joseph Santos

Rodriguez-Tatel, at Vicente Villan, 140-160. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2015.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. “Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino.” *Humanities Diliman* Vol. 12, No. 2 (July-December 2015): 110-179.

Salazar, Zeus, Atoy Navarro, Sharon Maminta, at Lars Ubaldo. *Asya: Kasaysayan at Kabihasnan*. Quezon City: Abiva Publishing House, Inc., 2010.

Santos, Mark Joseph P. “Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakasaysayan, 1951-2019.” *TALA* Vol. 2, No. 2 (December 2019): 46-92.

© 2025 Mark Joseph Santos

ISSN 2651-7108